



## Disaster Field Operations Center West

Petsa ng Paglabas: Agosto 31, 2023

Kontak sa Medya: Mark W. Randle, (916) 735-1500,

[Mark.Randle@sba.gov](mailto:Mark.Randle@sba.gov)

Bilang ng Paglabas: HI 18061-03

Sundan kami sa [Twitter](#), [Facebook](#), [Blogs](#) at

[Instagram](#)

### **Pinalawak ng SBA ang Ayuda sa Kalamidad para sa Hawaii Magagamit na Ngayon ang Tulong sa Kalamidad ng Maliliit na Negosyo na Naapektuhan ng Mga Wildfire sa Tatlong Karagdagang County**

SACRAMENTO, Calif. – Ang mga Low-interest federal Economic Injury Disaster Loan (EIDL) ay magagamit na ngayon ng maliliit na negosyo at karamihan sa mga pribadong nonprofit na organisasyon sa Hawaii, Honolulu at Kauai county bilang resulta ng mga wildfire na nagsimula noong Agosto 8 sa Maui County, inihayag ni Administrator Isabella Casillas Guzman ng U.S. Small Business Administration.

“Ang binagong deklarasyon na ito ay nagbibigay-daan sa SBA na mabilis na palawakin ang access sa mga pautang para sa kalamidad sa labas ng mga county ng Maui at Kalawao upang ang mga negosyo sa buong estado na may kahirapan sa ekonomiya ay makabangon at mabuhay,” sabi ni Administrator Guzman. “Nakatutulong ang aksiyon ngayong araw na maisakatuparan ang pangako ni Pangulong Biden sa paggamit ng lahat ng magagamit na mapagkukunan at isang kabuuan-ng-gobyernong diskarte sa pagtiyak na ang Maui at lahat ng katabing komunidad ay bubuo muli nang mas malakas.”

Ang pagkakarapat-dapat para sa mga pautang na EIDL ay batay sa pinansiyal na epekto ng kalamidad lamang at hindi sa anumang aktuwal na pinsala sa ari-arian. Ang mga pautang na ito ay may rate ng interes na 4 na porsiyento para sa maliliit na negosyo at 2.375 na porsiyento para sa mga pribadong nonprofit na organisasyon na may mga terminong hanggang 30 taon, at para lang sa maliliit na negosyo na walang kakayahang pinansiyal na maawas ang masamang epekto nang walang kahirapan.

Kasunod ng mga kamakailang pagbabago sa panuntunan ng SBA, ang interes ay hindi magsisimulang maipon nang hanggang 12 buwan mula sa petsa ng unang pagpalabas ng pautang para sa kalamidad. Ang pagbabayad ng pautang para sa kalamidad sa SBA ay magsisimula 12 buwan mula sa petsa ng unang pagpalabas ng pautang.

Ang mga aplikante ay maaaring mag-apply online, makatanggap ng karagdagang impormasyon sa tulong sa kalamidad at mag-download ng mga aplikasyon sa <https://www.sba.gov/hawaii-wildfires>. Ang isang aplikante ay maaari rin tumawag sa Customer Service Center ng SBA sa (800) 659-2955 o mag-email sa [disastercustomerservice@sba.gov](mailto:disastercustomerservice@sba.gov) para sa karagdagang impormasyon sa tulong sa kalamidad ng SBA. Para sa mga taong bingi, hirap makarinig, o may kapansanan sa

**pagsasalita, paki-dial ang 7- 1-1 para ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Ang mga napunan na aplikasyon ay dapat ipadala sa U.S. Small Business Administration, Processing and Disbursement Center, 14925 Kingsport Road, Fort Worth, TX 76155.**

**Ang deadline para mag-apply para sa tulong sa pinsala sa ekonomiya ay Mayo 10, 2024.**

**###**

**Tungkol sa U.S. Small Business Administration**

**Ang U.S. Small Business Administration ay tumutulong sa pagpapalakas sa pangarap ng Amerika na pagmamay-ari ng negosyo. Bilang tanging mapagkukunan at boses para sa maliliit na negosyo na sinusuportahan ng lakas ng pederal na pamahalaan, binibigyang kapangyarihan ng SBA ang mga negosyante at may-ari ng maliliit na negosyo ng mga mapagkukunan at suporta na kailangan nila para magsimula, lumago, mapalawak ang kanilang mga negosyo, o makabawi mula sa idineklarang sakuna. Naghahatid ito ng mga serbisyo sa pamamagitan ng malawak na network ng mga field office ng SBA at pakikipagsosyo sa mga pampubliko at pribadong organisasyon. Para alamin pa, bumisita sa [www.sba.gov](http://www.sba.gov).**